

Pag Lilikum-Salin Ng Mga Kuwentong Bayan Ng Mga Dinagatnon Bilang Lunsaran Sa Pagtuturong Lokalisasyon

Mangubat, Estrellita R., Serdan, Geraldine A.
Surigao Del Norte State University, Philippines

Abstract: *Ang pananaliksik na ito ay tumatalakay sa dokumentasyon, pagsusuri, at pagsasalin ng mga kuwentong-bayan ng mga Dinagatnon mula sa dalawang piling munisipalidad sa lalawigan ng Dinagat Islands—ang Dinagat at San Jose. Layunin ng pag-aaral na ito na maisalba, mapreserba, at mapayabong ang lokal na panitikan ng lalawigan upang magamit sa lokalisdong pagtuturo ng panitikan sa mga paaralan, lalo na sa antas ng batayang edukasyon. Gumamit ang pananaliksik ng kwalitatibong disenyo at pananaliksik-etnograpi upang makalap ang mga datos mula sa mga tagapagsalaysay sa mga barangay ng Cab-ilan, Cuarinta, Don Ruben, Matingbe, Santa Cruz, at San Jose. Sa pagsusuri ng mga nakalap na kuwento—tulad ng mga alamat ng Pulo ng Cab-ilan, Isla ng Dinagat, at mga salaysay tulad ni Dr. Laway at ng Punong Puyange—naipakita ang mayamang kabihasnang kultural, paniniwala, at pananampalataya ng mga mamamayan. Isinagawa rin ang pagsasalin ng mga kuwentong ito mula sa Filipino tungo sa wikang Dinagatnon upang lalo pang mapalapit sa puso ng lokal na komunidad ang mga kuwentong kinagisnan nila.*

Bilang kongkretong output, inihain ng pag-aaral ang potensyal ng mga kuwentong ito bilang materyales sa pagtuturo na nakabatay sa kultura. Ipinapakita ng pananaliksik na ang mga kuwentong-bayan ay mabisang tulay tungo sa makabuluhang edukasyong lokal at pambansa.

Keywords: Kuwentong-bayan, Dinagatnon, panitikang lokal, pagsasalin, edukasyong lokalizado

I. INTRODUCTION

Ang Pilipinas ay isang arkipelagong bansa na binubuo ng higit pitong libong (7,000+) mga isla. Bawat isla ay may kani-kaniyang kasaysayan, kultura, at pamayanang nakabuo ng natatanging pagkakakilanlan. Sa mga pamayanang ito naninirahan ang iba't ibang tribu o pangkat etniko na may sariling wika, kaugalian, paniniwala, at higit sa lahat, panitikan. Hindi maikakaila na ang panitikan ay isa sa mga pundasyong bumubuo sa kultura ng bawat lipunan—ito ang salamin ng kanilang buhay, damdamin, at pananaw sa mundong kanilang ginagalawan.

Ang panitikan ay higit pa sa mga nasusulat na akda; ito ay isang anyo ng malikhaing pagpapahayag na maaaring pasalita o pasulat, tumatalakay sa mga karanasang pampersonal, panlipunan, at pambansa. Ito ay nagmula sa salitang “pang-titik-an” na tumutukoy sa mga literaturang nakasulat, tulad ng sanaysay, tula, alamat, mito, kwento, talumpati, at iba pa. Kasama rin dito ang mga kathang-isip at makatotohanang salaysay na may layuning magturo, magbigay-aliw, o magmulat sa kaisipan ng mambabasa. Sa larangan ng edukasyon, itinuturing ang panitikan bilang makapangyarihang kasangkapan sa paghubog ng kritikal na pag-iisip, pagpapahalaga sa kultura, at pag-unawa sa lipunan.

Sa pinakapayak na anyo, ang panitikan ay nag-uugnay sa tao—sa sarili niyang damdamin, sa kanyang kapwa, at sa kanyang komunidad. Ang mga panitikan ay may estrukturang nagbibigay-hugis at anyo sa karanasan ng tao; naglalaman ito ng daing, pangarap, guniguni, at kabighaniang ipinamamana mula sa isang henerasyon patungo sa susunod. Dahil dito, hindi lamang ito simpleng koleksyon ng mga kuwento kundi isang buhay na dokumento ng kasaysayan, paniniwala, at kolektibong kamalayan ng isang lahi.

Likas sa mga Pilipino ang mahilig magkuwento—ito man ay sa pamamagitan ng pasalitang salin mula sa matatanda patungo sa kabataan, o sa pagsulat ng mga tulang bayan, alamat, at epiko. Sa paglipas ng panahon, marami sa mga kuwentong ito ay nananatiling bahagi ng oral tradition at hindi pa naisasalin sa pormal na anyo ng panitikan o nailalathala



sa mga aklat. Isa sa mga halimbawa nito ay ang mga kuwentong-bayan ng mga Dinagatnon—ang mga mamamayan mula sa lalawigan ng Dinagat Islands.

Ang Dinagat Islands ay isang probinsyang mayaman sa kultura, paniniwala, at kasaysayan, ngunit nananatiling salat sa dokumentasyon ng sariling panitikan. Karamihan sa mga panitikan ng mga Dinagatnon ay hindi pa gaanong napag-aaralan o naitatala sa pormal na literatura ng bansa. Marami sa kanilang mga alamat at mito ay nananatili lamang sa alaala ng matatanda sa komunidad at unti-unting nalilimutan ng bagong henerasyon. Ito ay isang malaking panghihinayang sapagkat ang mga kuwentong ito ay naglalaman ng mahahalagang aral, simbolismo, at pananaw na nagpapakita ng pagka-Pilipino mula sa paningin ng mga taga-Dinagat.

Bunga ng ganitong kalagayan, isinilang ang pananaliksik na ito. Layunin ng pag-aaral na maipakilala at mapalaganap ang mga kuwentong-bayan ng Dinagat Islands—partikular na ang kanilang mga alamat at mito—bilang mahalagang bahagi ng panitikang rehiyonal. Sa pamamagitan ng pananaliksik na ito, nawa'y mamulat ang mga mag-aaral sa lalim at ganda ng panitikang mula sa kanilang lalawigan at maunawaan nila na ang panitikan ay hindi lamang matatagpuan sa mga aklat na banyaga o sentralisadong akda, kundi nariryan sa paligid—sa sariling bayan, sa sariling wika, at sa sariling kultura.

Higit pa rito, inaasahang magsisilbi ang pananaliksik na ito bilang tulay upang maitala at maipreserba ang mga panitikang Dinagatnon para sa susunod na henerasyon, at upang magamit ito bilang mabisang sanggunian sa pagtuturo ng panitikan sa mga paaralan. Sa ganitong paraan, napapalawak ang saklaw ng panitikang Pilipino at naipapakita ang yaman ng ating kultura sa bawat rehiyon ng bansa.

Paglalahad ng Suliranin (Anyong Layunin)

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong masuri ang katangian ng paraan ng pagsulat ng Spoken Poetry ng Layunin ng pag-aaral na ito na makapangalap at madokumentaryo ang mga kuwentong-bayan ng mga Dinagatnon mula sa dalawang munisipalidad sa lalawigan ng Dinagat Islands. Partikular nitong nilalayan na:

Matukoy ang mga lugar kung saan nakalap ang mga kuwentong-bayan ng mga Dinagatnon;

Maidokumento ang iba't ibang kuwentong-bayan mula sa pamayanang Dinagatnon;

Maisalin ang mga nakalap na kuwentong-bayan sa wikang Dinagatnon at maiklasipika ang mga ito batay sa uri o kategorya;

Masuri ang nilalaman at katangiang kultural ng mga kuwentong-bayang ito; at

Makabuo ng isang lokal na kagamitang panturo o sanggunian na maaaring gamiting ambag ng pananaliksik sa layunin ng lokalisadong pagtuturo.

METODOLOHIYA

Inilahad sa kabanatang ito ang desinyo ng pananaliksik, tagatugon, instrumentong ginamit, pamamaraan sa pangangalap ng impormasyon at mga kagamitang pang-istatistika.

Disenyo

Ang pag-aaral ay gumamit ng deskriptibong kwalitatibo. Palarawang pananaliksik ang pangkasalukuyang ginagawa, pamantayan at kalagayan. Kinapapalooban din ito ng mga uri ng pagsisiyasat na ang layunin ay malalimang unawain ang pag-uugali at ugnayan ng mga tao at ang dahilan na gumagabay ito.

Pangangalap ng mga impormasyon tungkol sa mga kuwentong-bayan sa isang komunidad mula sa mga impormante. Maipakita ang isang tunay na larawan ng dating kalagayan at ang pinagmulan ng bawat lugar ng Dinagat para sa mga mag-aaral, sa guro at mamamayang Dinagatnon, bilang isang Dinagatnon makita rin ang pagsisikap tungo sa pag-unlad at pagpapakilala sa Isla ng Dinagat.

Ang lahat na mga datos na makakalap ng mananaliksik sa pag-aaral na ito ay direktong kakalapin mula sa mga impormante, sa pamamagitan ng isang pakikipanayam o interbyu, ito ay isang batayang pamamaraan sa pananaliksik upang makakuha ng impormasyon sa isang kalahok na may awtoridad o di kaya ay may personal na pagkaunawa sa paksa ng pananaliksik. Ito ay walang estruktura ang layunin nito ay upang galugarin ang nararamdaman ng kalahok tungkol sa



paksa ng panayam tungkol sa mga datos mula sa pakikipag-usap gamit ang mobile phone(e-video), pagkuha ng larawan o pagsagot sa mga tanong tungkol sa pinagmulan ng isang lugar, mga kababalaghang kuwento at iba pang kuwento at ang kanilang profayl. Pagkatapos makakuha ng mga impormasyon o datos gagawa ang mananaliksik ng talahanayan, ito ang gagamiting grap ng mananaliksik, naglalahad ito ng datos sa tabular na anyo. Sistematikong inilalagay sa mga hanay o kolum ang mga nalikom na mga datos upang lalong maunawaan ng mga mambabasa ang mga kuwento.

Lugar

Makapangalap ng labing isang kuwentong-bayan mula sa dalawang lungsod sa probinsya ng Dinagat Islands, ang lungsod ng Dinagat at lungsod ng San Jose. Sa ibaba makikita ang mga baranggay na kung saan gaganapin ang pag-aaral ng mananaliksik.

Talahanayan 1. Mga Baranggay na may Kuwentong-bayang Nakalap

Baranggay	Bilang ng Kuwento
Cab-ilan	1
Cuarinta	2
Dinagat Islands	1
Don Ruben	1
Matingbe	1
Sta. Cruz	1
Poblacion, San Jose	4
Kabuuan 11	

Nagkaroon ng 11 kabuuang bilang ng mga kuwento. Isang (1) kuwento mula sa Baranggay Cab-ilan, dalawang (2) kuwento mula sa Baranggay Cuarinta, isang (1) kuwento mula sa Dinagat Islands, isang (1) kuwento mula Brgy. Don Ruben, isang kuwento (1) mula sa Matingbe, isang kuwento (1) mula Baranggay Sta. Cruz at apat (4) na kuwento mula sa Baranggay Poblacion San Jose.

Kaligiran ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay isinasagawa sa dalawang lungsod sa Isla ng Dinagat na kilala sa tawag na “Province of Love”. Ang mga ito ay ang lungsod ng Dinagat at San Jose.

Ayon sa Census 2020, umaabot sa sampung libo anim na raan at dalawampu’t isa (10,621) katao ang naninirahan sa munisipalidad ng Dinagat na nahahati sa labindalawang (12) barangay Bagumbayan, Cab-ilan, Cabayawan, Cayetano, Escolta, La Justiniana, Edera, Magsaysay, New Mabuhay, Wadas, Mauswagon at White Beach (Poblacion).

Sa labindalawang barangay ng Dinagat, sa Baranggay Cab-ilan Island isinagawa ang pag-aaral ng mananaliksik.

Ang lungsod ng San Jose, batay sa Census 2020, tinatayang nasa 26,375 katao ang naninirahan sa munisipalidad na nahahati sa labindalawang (12) baranggay; Aurelio, Cuarenta, Don Ruben (Baltazar), Jacquez, Justiniana Edera, Luna, Mahayahay, Matingbe, St. Cruz, Wilson at San Jose (Poblacion).

Anim (6) na barangay at probinsiya ng Dinagat Islands ang napili na pag-aralan ng mananaliksik tungkol sa kanilang mga kuwento.





Pigura 2. Instrumentong Ginamit

Ang instrumentong ginamit ng mananaliksik “deskriptibong kwalitatibo”. Ang lahat na mga datos na nakalap sa pag-aaral na ito ay direktang kinalap mula sa mga impormante, sa pamamagitan ng isang interbyu at pakikipananyam. Gumamit ng talatanungan, ito ay may dalawang bahagi; unang bahagi nito ay ang profayl ng mga impormante (Apendiks A) at ang ikalawang bahagi ay katanungan para sa mga impormante. Bago nangalap ng mga datos ang mananaliksik ay dumaan muna ito sa masusing balidasyon upang masuri ang nilalaman ng talatanungan.

Pagkatumpakan. Ang talatanungan ng mannaliksik ipapakita muna sa kanyang gurong tagapayo at ipinabasa sa kanyang mga panelista na kung saan tatlo silang kumilatis sa nasabing suliranin upang matiyak ang pagiging mabisa at pagsang-ayon sa mga layunin ng pananaliksik na ito.

Pagkatiwalaan. Ito ay upang matiyak ang katatagan ng mga kasagutan ng mga impormante sa bawat kuwento. Dito ginagamitan ng video sa pamamagitan ng kanyang cellphone at pag-screen shots sa mga larawan ng mga impormante bilang patunay sa kanyang pananaliksik.

Proseso ng Pangangalap ng mga Datos

Matapos na mabigyan ng pahintulot ay agarang nakikipananyam ang mananaliksik gamit ang inihandang talatanungan sa mga impormante upang makuha agad ang kanilang profayl. Sinundan ito ng pag-iinterbyu at pakikipananyam ng mga



impormante, paglikom, paglalapat, pagsasaling-wika, pagkategorya, pagpapa-ebalweyt sa tatlong dalubhasang guro ng Filipino at dalubhasa ng statistik.

Ang mananaliksik ay gumamit ng kuwaderno, pluma, burador, camera, pagkuha ng larawan na nasa cellphone (screen shots) video, audio recorder, upang may mapakinggang nang paulit-ulit ang mga kasagutan ng mga impormante.

Pinaniniwalaan ng mananaliksik na ang mga kagamitang nabanggit ay may malaking tulong sa pagpapalalim ng mga ebidensiya at mapatunayan ang mga impormasyong nakalap.

Ang mga impormante ay ang mga Dinagatnong kabilang sa dalawang (2) munisipyo, may edad 45-pataas.

Ang mga proseso ng pangangalap ng datos na makikita sa talatanungan ay sa unang hakbang ang proseso ng pagmamasid, pagtatanong sa mga kaibigan at pagrerekomenda ng kakilala sa mga taong lumad o rakan ng Dinagat Islands at ginagamit ang limang pandama.

Pangalawang hakbang ay ang pagtatanong: ang hakbang na ito ay ginamit sa pamamagitan ng pakikipanayam sa mga impormante, pagtatanong sa mga kuwentong-bayan na kanilang nalalaman at pagkukunan ng mga datos.

Sa ikatlong hakbang ang pagsasalin sa wikang Dinagatnon mula sa wikang Filipino, naghahanap ng isang "Lumad" na ang ibig sabihin ay ang sinaunang tao sa kanilang lugar o isang taong may alam na siya ang magsasaling-wika ng mga alamat o mito. Pagkategorya ng mananaliksik, pagpapa-ebalweyt sa wastong pagsasalin sa mga dalubhasang guro ng Filipino at pagtatasa ng statistisyan.

RESULTA AT DISKUSYON

Ang kabanatang ito ay sumasalamain sa masusing pagsusuri at interpretasyon ng mga kuwentong-bayan ng mga Dinagatnon na nakalap mula sa mga piling barangay sa dalawang munisipalidad ng Dinagat Islands—ang Dinagat at San Jose. Layunin ng pananaliksik na ito na itala, unawain, isalin, at mapreserba ang mga kuwentong-bayang ito upang magamit bilang bahagi ng lokalisadong pagtuturo ng panitikan, partikular sa mga paaralan ng rehiyon.

Batay sa datos, ang bawat barangay ay may natatanging mga salaysay na nagpapakita ng pinagmulan, paniniwala, at kabuhayan ng mga mamamayan. Kabilang sa mga barangay na isinailalim sa pananaliksik ay ang Cab-ilan, Cuarinta, Don Ruben, Matingbe, Santa Cruz, at San Jose. Sa Barangay Cab-ilan, tampok ang kuwentong "Ang Pulo ng Cab-ilan," na nagpapakita ng isang mahiwagang isla na pinaniniwalaang arka ni Noah at pinaniniwalaang pinagkukunan ng tubig na nakapagpapagaling ng karamdaman. Samantalang sa Barangay Cuarinta, itinala ang kuwentong hango sa apatnapung araw ng pag-ulan, paninirahan, at pag-aayuno na may kaugnayan sa pangalan ng lugar.

Isa sa mga mahalagang kuwentong-bayan ay ang *Alamat ng Dinagat*, isang romantikong mito ng pag-iibigan nina Prinsesa Dina at Prinsipe Gat mula sa magkaaway na tribo. Sa pamamagitan ng kanilang lihim na kasal at pagkakaisa, napag-isa rin ang kanilang mga komunidad, at dito hango ang pangalan ng isla—Dinagat. Bukod pa rito, tampok din ang mga salaysay na may elemento ng kababalaghan at kabayanihan gaya ng kay *Dr. Laway*, isang batang may kakayahang manggagamot gamit lamang ang kanyang laway, at ang *Punong Puyange*, na pinaniniwalaang puno ng mga espiritung tagapangalaga ng kalikasan.

Ang mga kuwentong ito ay hindi lamang simpleng salaysay, kundi tala ng kasaysayan, pananampalataya, at panlipunang pamumuhay ng mga Dinagatnon. Halimbawa, sa Barangay Don Ruben, ipinaliwanag kung paano nakuha ng lugar ang pangalan bilang pagkilala sa Divine Master Ruben E. Ecleo Sr. Sa Barangay Santa Cruz naman, mula sa dating pangalang "Udok" na may negatibong konotasyon, ay napalitan ito at naging isang komunidad na deboto ng Santa Cruz bilang patrona.

Isa sa mahalagang bahagi ng pag-aaral ay ang pagsasalin ng mga kuwentong-bayan mula sa Filipino patungo sa wikang Dinagatnon o Surigaonon. Isinagawa ang pagsasalin sa tulong ni Gng. Rosalinda P. Abis, isang guro sa lokal na paaralan na bihasa sa wika, at ito ay sumailalim sa ebalwasyon ng mga dalubhasa mula sa Surigao del Norte State University upang matiyak ang wasto at makabuluhang paglilipat ng wika. Layunin ng pagsasaling ito na mapanatili ang orihinal na diwa ng mga kuwento habang pinapalaganap ang paggamit at pagpapahalaga sa lokal na wika sa larangan ng edukasyon. Sa kabuuan, ipinapakita ng mga resulta ng pag-aaral na ang mga kuwentong-bayan ng Dinagat Islands ay sagana sa kabatirang panlipunan, kultural, relihiyoso, at historikal. Ang mga ito ay maaaring gamitin bilang epektibong kasangkapan sa pagtuturo ng panitikan, na hindi lamang nagpapayabong sa kaalaman ng mga mag-aaral kundi



nagpapalalim din sa kanilang pagkilala at pagmamalaki sa sariling pinagmulan. Ang kabanatang ito ay nagsisilbing tulay para sa muling pagdiskubre ng lokal na panitikan at kultura, at isang mahalagang ambag tungo sa makabuluhang edukasyong pangkultura na nakaugat sa sariling lalawigan.

Pagklasipika:

Ang sumusunod na mga pahayag ay ang pagklasipikang ginawa ng mananaliksik mula sa kuwento ng Mediko at Ang Mabagsik na Aswang;

Ang kuwento ay isang **mito**. Inilahad sa kuwentong ito ang pangyayaring hindi kapani-paniwala o kuwentong kababalaghan.

Talahanayan 2. Mga Kuwento at Klasipikasyon

Pamagat ng mga Kuwento	Klasipikasyon	Uri	Bahag- dan
Ang Pulo ng Cab-ilan (An Puyo nan Cab-ilan)	Alamat	9	82%
Ang Kuwento ng Cuarinta (An Istorya nan Cuarenta)	Alamat		
Ang Isla ng Dinagat (An Isla nan Dinagat)	Alamat		
Kuwento ng Don Ruben (Istorya nan Don Ruben)	Alamat		
%Ang Kuwento ng Matingbe (An Istorya nan Matingbe)	Alamat		
Ang Kuwento ng Santa Cruz (An Isorya nan Santa Cruz)	Alamat		
Ang Kuwento ng San Jose (An Istorya nan San Jose)	Alamat		
Ang Kuwento ng Niyog (An Istorya nan Lubi)	Alamat		
Puno ng Puyange (An Kapun-an nan Puyange)	Alamat		
Ang Kuwento ng Mahimalang Laway (An Istorya nan Kahibuyungang Laway)	Mito	2	18%
Mediko at Ang Mabagsik na Aswang (Mediko Sanan Maisog na Aswang)	Mito		
Kabuuan		11	100%

Inilahad sa talahanayan 2 ang pagklisipika sa mga kuwentong Dinagatnon na nakalap ng mananaliksik. Mayroong siyam (9) na alamat at dalawang (2) mito na nakuha niya mula sa sa kanyang mga impormante. Isang (1) alamat (Ang Alamat ng Cab-ilan) mula sa Baranggay Cab-ilan, munisipalidad ng Dinagat, Dinagat Islands, walong (8) alamat (Alamat ng Cuarinta) mula Baranggay Cuarinta, (Alamat ng Dinagat) Dinagat Islands (Alamat ng Don Ruben) mula Baranggay Don Ruben, San Jose, Dinagat Islands (Alamat ng Matingbe) mula Baranggay Matingbe, San Jose, Dinagat Islands (Alamat ng Santa Cruz) mula Baranggay Santa Cruz, San Jose, Dinagat Islands (Alamat ng San Jose) mula Baranggay Polacion ng San Jose, Dinagat Islands (Alamat ng Niyog) mula Baranggay Cuarinta, (Alamat ng Puyange) mula sa Baranggay Polacion ng San Jose, Dinagat Islands at dalawang (2) mito (Mahimalang Laway) mula Baranggay Poblacion ng San Jose, Dinagat Islands at ang Mediko at Ang Mabagsik na Aswang) mula Baranggay Polacion ng San Jose, Dinagat Islands, Pilipinas.

Ang mga respondente ng nasabing mga kuwento ay sina: Antonio B. Acabal, Nicodimos Ecle, Rafael Ecle Jr., Enrique R. Presilda, Isidro Rosales, Josefa Calayag, Austin A. Harris, Nelly R. Durain, Marina H. Llorente, Severino T. Loca, at Vivencia A. Villarosa.



Pagtatasa sa mga Kuwentong Bayan ng mga Dinagatnon

Talahanayan 3. Pagtatasa sa Kuwentong Bayan na Pinamagatang Ang Pulo ng Cab-ilan “An Puyo nan Cab-ilan”

Blg.	Indikeytor	Mean	SD	Deskripsiyun
1	Ang diwa ng salin sa kuwentong-bayan ay katulad ng orihinal.	4.33	0.58	Mas Mahusay
2	May kawastuhan ba ng semantika at gramatika sa bawat kuwento ng na isinalin.	4.00	1.00	Mas Mahusay
3	Angkop ang salin sa nga salitang Filipino bilang panumbas sa Wikang Katutubong Dinagatnon (Surigaonon).	4.00	1.00	Mas Mahusay
4	Maliwanag ang mga salitang may malalim o higit sa isang kahulugan.	4.00	0.00	Mas Mahusay
5	Litaw ang kahulugan ng mga salitang lipas o sinauna.	4.67	0.58	Pinakamahusay
6	May kawastuan sa baybay ng mga salita ng Wikang Dinagatnon (Surigaonon) at Wikang Filipino.	4.33	1.15	Mas Mahusay
7	Taglay nito ang katapatan at paraan ng pag- papahayag ayon sa komunikatibong gamit sa pagsalin.	4.00	1.00	Mas Mahusay
8	Naisa-alang-alang ang kultura ng pagsasalin mula w1-w2.	4.33	0.58	Mas Mahusay
9	Katanggap-tanggap ang kabuuang pagsasalin ng bawat kuwentong-bayan.	4.67	0.58	Pinakamahusay
Average		4.26	0.06	Mas Mahusay

Inilahad sa Talahanayan 3 sa pagtatasa ng kuwentong bayan na pinamagatang, **Ang Pulo ng Cab-ilan “An Puyo nan Cab-ilan”** na may dalawang pinakamataas na Mean ang indikeytor ng nasabing kuwento. Una, litaw ang kahulugan ng mga salitang lipas o sinauna at ang ikalawa ay katanggap-tanggap ang kabuuang pagsasalin ng bawat kuwentong-bayan na parehong nasa 4.67 ang mean ng pagsasalin sa tagapagsalin na inibalweyt naman ng tatlong dalubhasang guro sa Filipino.

Ang kabuuan nito ay may average value na 4.26 ang Mean, 0.06 naman ang SD at Mas Mahusay ang deskripsiyun nito.

Talahanayan 4. Pagtatasa sa Kuwentong Bayan na Pinamagatang Ang Kuwento ng Cuarinta “An Isturya nan Cuarinta”

Blg.	Indikeytor	Mean	SD	Deskripsiyun
1	Ang diwa ng salin sa kuwentong-bayan ay katulad ng orihinal.	4.67	0.58	Pinakamahusay
2	May kawastuhan ba ng semantika at gramatika sa bawat kuwento ng na isinalin.	4.00	0.00	Mas Mahusay
3	Angkop ang salin sa nga salitang Filipino bilang panumbas sa Wikang Katutubong Dinagatnon (Surigaonon).	4.67	0.58	Pinakamahusay
4	Maliwanag ang mga salitang may malalim o higit sa isang kahulugan.	4.33	1.15	Mas Mahusay
5	Litaw ang kahulugan ng mga salitang lipas o sinauna.	4.00	1.00	Mas Mahusay
6	May kawastuan sa baybay ng mga salita ng Wikang Dinagatnon (Surigaonon) at Wikang Filipino.	4.33	0.58	Mas Mahusay
7	Taglay nito ang katapatan at paraan ng pag- papahayag ayon sa komunikatibong gamit sa pagsalin.	3.33	1.15	Mahusay
8	Naisa-alang-alang ang kultura ng pagsasalin mula w1-w2.	4.00	1.00	Mas Mahusay
9	Katanggap-tanggap ang kabuuang pagsasalin ng bawat kuwentong-bayan.	4.67	0.58	Pinakamahusay
Average		4.22	0.48	Mas Mahusay



Makikita sa Talahanayan 4 ang pagtatasa ng kuwentong bayan na pinamagatang **Ang Kuwento ng Cuarinta “An Isturya nan Cuarinta”** may tatlong pinakamataas na Mean ang indiketyor ng nasabing kuwento. Una, ang diwa ng salin sa kuwentong-bayan ay katulad ng orihinal, ikalawa, angkop ang salin sa nga salitang Filipino bilang panumbas sa Wikang Katutubong Dinagatnon (Surigaonon) at ikatatlo, Katanggap-tanggap ang kabuuang pagsasalin ng bawat kuwentong-bayan na parehong nasa 4.67 ang mean ng pagsasalin sa tagapagsalin na inibalweyt naman ng tatlong dalubhasang guro sa Filipino.

Ang kabuuan nito ay may average value na 4.22 ang Mean, 0.48 naman ang SD at may deskripsiyon na Mas Mahusay.

Talahanayan 5. Pagtatasa sa Kuwentong Bayan na Pinamagatang Ang Isla ng Dinagat “An Puyo nan Dinagat”

Blg.	Indiketyor	Mean	SD	Deskripsiyon
1	Ang diwa ng salin sa kuwentong-bayan ay katulad ng orihinal.	4.00	0.00	Mas Mahusay
2	May kawastuhan ba ng semantika at gramatika sa bawat kuwento ng na isinalin.	4.00	0.00	Mas Mahusay
3	Angkop ang salin sa nga salitang Filipino bilang panumbas sa Wikang Katutubong Dinagatnon (Surigaonon).	4.67	0.58	Pinakamahusay
4	Maliwanag ang mga salitang may malalim o higit sa isang kahulugan.	4.00	1.00	Mas Mahusay
5	Litaw ang kahulugan ng mga salitang lipas o sinauna.	4.33	0.58	Mas Mahusay
6	May kawastuan sa baybay ng mga salita ng Wikang Dinagatnon (Surigaonon) at Wikang Filipino.	3.67	1.53	Mas Mahusay
7	Taglay nito ang katapatan at paraan ng pag- papahayag ayon sa komunikatibong gamit sa pagsalin.	4.00	0.00	Mas Mahusay
8	Naisa-alang-alang ang kultura ng pagsasalin mula w1-w2.	4.33	0.58	Mas Mahusay
9	Katanggap-tanggap ang kabuuang pagsasalin ng bawat kuwentong-bayan.	4.67	0.58	Pinakamahusay
Average		4.19	0.26	Mas Mahusay

Sa Talahanayan 5 ang pagtatasa ng kuwentong bayan na pinamagatang, **Ang Isla ng Dinagat “An Puyo nan Dinagat”** na may dalawang pinakamataas na Mean ang indiketyor ng nasabing kuwento. Una, Angkop ang salin sa nga salitang Filipino bilang panumbas sa Wikang Katutubong Dinagatnon (Surigaonon) at ang ikalawa ay katanggap-tanggap ang kabuuang pagsasalin ng bawat kuwentong-bayan na parehong nasa 4.67 ang mean ng pagsasalin sa tagapagsalin na inibalweyt naman ng tatlong dalubhasang guro sa Filipino.

Ang kabuuan nito ay may average value na 4.19 ang Mean, 0.26 naman ang SD at Mas Mahusay ang deskripsiyon nito.

Talahanayan 6. Pagtatasa sa Kuwentong Bayan na Pinamagatang Kuwento ng Don Ruben “Isturya nan Don Ruben”

Blg.	Indiketyor	Mean	SD	Deskripsiyon
1	Ang diwa ng salin sa kuwentong-bayan ay katulad ng orihinal.	4.33	0.58	Mas Mahusay
2	May kawastuhan ba ng semantika at gramatika sa bawat kuwento ng na isinalin.	4.00	0.00	Mas Mahusay
3	Angkop ang salin sa nga salitang Filipino bilang panumbas sa Wikang Katutubong Dinagatnon (Surigaonon).	4.00	0.00	Mas Mahusay



4	Maliwanag ang mga salitang may malalim o higit sa isang kahulugan.	4.00	1.00	Mas Mahusay
5	Litaw ang kahulugan ng mga salitang lipas o sinauna.	3.67	1.53	Mas Mahusay
6	May kawastuan sa baybay ng mga salita ng Wikang Dinagatnon (Surigaonon) at Wikang Filipino.	3.33	1.15	Mahusay
7	Taglay nito ang katapatan at paraan ng pag- papahayag ayon sa komunikatibong gamit sa pagsalin.	3.33	0.58	Mahusay
8	Naisa-alang-alang ang kultura ng pagsasalin mula w1-w2.	4.00	0.00	Mas Mahusay
9	Katanggap-tanggap ang kabuuang pagsasalin ng bawat kuwentong-bayan.	4.33	0.58	Mas Mahusay
Average		3.89	0.33	Mas Mahusay

Inilahad sa Talahanayan 6 sa pagtatasa ng kuwentong bayan na pinamagatang, **Kuwento ng Don Ruben “Isturya nan Don Ruben”** na may dalawang pinakamataas na Mean ang indikaytor ng nasabing kuwento. Una, Ang diwa ng salin sa kuwentong-bayan ay katulad ng orihinal na 4.33 ang mean at ang ikalawa ay katanggap-tanggap ang kabuuang pagsasalin ng bawat kuwentong-bayan na nasa 4.33 ang mean ng pagsasalin sa tagapagsalin na inibalweyt naman ng tatlong dalubhasang guro sa Filipino.

Ang kabuuan nito ay may average value na 3.89 ang Mean, 0.33 naman ang SD at Mas Mahusay ang deskripsiyun nito.

Talahanayan 7. Pagtatasa sa Kwentong Bayan na Pinamagatang Ang Kuwento ng Matingbe “An Isturya nan Matingbe”

Blg.	Indikaytor	Mean	SD	Deskripsiyun
1	Ang diwa ng salin sa kuwentong-bayan ay katulad ng orihinal.	4.33	0.58	Mas Mahusay
2	May kawastuhan ba ng semantika at gramatika sa bawat kuwento ng na isinalin.	4.00	0.00	Mas Mahusay
3	Angkop ang salin sa nga salitang Filipino bilang panumbas sa Wikang Katutubong Dinagatnon (Surigaonon).	4.67	0.58	Pinakamahusay
4	Maliwanag ang mga salitang may malalim o higit sa isang kahulugan.	4.33	1.15	Mas Mahusay
5	Litaw ang kahulugan ng mga salitang lipas o sinauna.	4.67	0.58	Pinakamahusay
6	May kawastuan sa baybay ng mga salita ng Wikang Dinagatnon (Surigaonon) at Wikang Filipino.	3.67	1.53	Mas Mahusay
7	Taglay nito ang katapatan at paraan ng pag- papahayag ayon sa komunikatibong gamit sa pagsalin.	4.00	0.00	Mas Mahusay
8	Naisa-alang-alang ang kultura ng pagsasalin mula w1-w2.	4.00	0.00	Mas Mahusay
9	Katanggap-tanggap ang kabuuang pagsasalin ng bawat kuwentong-bayan.	4.67	0.58	Pinakamahusay
Average		4.26	0.39	Mas Mahusay

Makikita sa Talahanayan 7 sa pagtatasa ng kuwentong bayan na pinamagatang, Ang Kuwento ng Matingbe “An Isturya nan Matingbe” may tatlong pinakamataas na Mean ang indikaytor ng nasabing kuwento. Una, Angkop ang salin sa nga salitang Filipino bilang panumbas sa Wikang Katutubong Dinagatnon (Surigaonon). Ikalawa, litaw ang kahulugan ng mga salitang lipas o sinauna. Ikatlo, Katanggap-tanggap ang kabuuang pagsasalin ng bawat kuwentong-bayan na parehong nasa 4.67 ang mean ng pagsasalin sa tagapagsalin na inibalweyt naman ng tatlong dalubhasang guro sa Filipino.

Ang kabuuan nito ay may average value na 4.26 ang Mean, 0.39 naman ang SD at Mas Mahusay ang deskripsiyun nito.



Talahanayan 8. Pagtatasa sa Kwentong Bayan na Pinamagatang Ang Kuwento ng Santa Cruz “An Isturya nan Santa Cruz”

Blg.	Indikeytor	Mean	SD	Deskripsyun
1	Ang diwa ng salin sa kuwentong-bayan ay katulad ng orihinal.	3.00	1.00	Mahusay
2	May kawastuhan ba ng semantika at gramatika sa bawat kuwento ng na isinalin.	3.33	0.58	Mahusay
3	Angkop ang salin sa nga salitang Filipino bilang panumbas sa Wikang Katutubong Dinagatnon (Surigaonon).	4.00	1.00	Mas Mahusay
4	Maliwanag ang mga salitang may malalim o higit sa isang kahulugan.	3.67	1.53	Mas Mahusay
5	Litaw ang kahulugan ng mga salitang lipas o sinauna.	3.67	0.58	Mas Mahusay
6	May kawastuan sa baybay ng mga salita ng Wikang Dinagatnon (Surigaonon) at Wikang Filipino.	3.67	0.58	Mas Mahusay
7	Taglay nito ang katapatan at paraan ng pag- papahayag ayon sa komunikatibong gamit sa pagsalin.	3.00	1.00	Mahusay
8	Naisa-alang-alang ang kultura ng pagsasalin mula w1-w2.	3.33	1.53	Mahusay
9	Katanggap-tanggap ang kabuuang pagsasalin ng bawat kuwentong-bayan.	3.67	1.53	Mas Mahusay
Average		3.48	1.00	Mahusay

Mababasa sa Talahanayan 8 sa pagtatasa ng kuwentong bayan na pinamagatang, Ang Kuwento ng Santa Cruz “An Isturya nan Santa Cruz” na may isang pinakamataas na Mean ang indikeytor ng nasabing kuwento, ito ay ang “Angkop ang salin sa nga salitang Filipino bilang panumbas sa Wikang Katutubong Dinagatnon (Surigaonon)” na may mean na 4.0 at nasundan ito ng apat na mas mahusay ng nasabing mean, ito ang sumusunod; Una, maliwanag ang mga salitang may malalim o higit sa isang kahulugan. Pangalawa, litaw ang kahulugan ng mga salitang lipas o sinauna. Ikatatlo, may kawastuan sa baybay ng mga salita ng Wikang Dinagatnon (Surigaonon) at Wikang Filipino. Pang-apat, katanggap-tanggap ang kabuuang pagsasalin ng bawat kuwentong-bayan na parehong nasa 3.67 ang mean ng pagsasalin sa tagapagsalin na inibalweyt naman ng tatlong dalubhasang guro sa Filipino.

Ang kabuuan nito ay may average value na 3.48 ang Mean, 1.00 naman ang SD at Mahusay ang deskripsiyon nito.

Talahanayan 9. Pagtatasa sa Kwentong Bayan na Pinamagatang Ang Kuwento ng San Jose “An Isturya nan San Jose”

Blg.	Indikeytor	Mean	SD	Deskripsyun
1	Ang diwa ng salin sa kuwentong-bayan ay katulad ng orihinal.	3.33	1.53	Mahusay
2	May kawastuhan ba ng semantika at gramatika sa bawat kuwento ng na isinalin.	3.67	1.15	Mas Mahusay
3	Angkop ang salin sa nga salitang Filipino bilang panumbas sa Wikang Katutubong Dinagatnon (Surigaonon).	3.67	1.15	Mas Mahusay
4	Maliwanag ang mga salitang may malalim o higit sa isang kahulugan.	3.00	1.00	Mahusay
5	Litaw ang kahulugan ng mga salitang lipas o sinauna.	4.00	1.00	Mas Mahusay



6	May kawastuan sa baybay ng mga salita ng Wikang Dinagatnon (Surigaonon) at Wikang Filipino.	4.00	1.00	Mas Mahusay
7	Taglay nito ang katapatan at paraan ng pag- komunikatibong gamit sa pagsalin.	4.00	0.00	Mas Mahusay
8	Naisa-alang-alang ang kultura ng pagsasalin mula w1-w2.	4.00	1.00	Mas Mahusay
9	Katanggap-tanggap ang kabuuang pagsasalin ng bawat kuwentong-bayan.	4.67	0.58	Pinakamahusay
Average		3.81	0.84	Mas Mahusay

Mababasa sa Talahanayan 9 sa pagtatasa ng kuwentong bayan na pinamagatang, Ang Kuwento ng San Jose “An Isturya nan San Jose” na may isang pinakamataas na Mean ang indikaytor ng nasabing kuwento, ito ay ang “Katanggap-tanggap ang kabuuang pagsasalin ng bawat kuwentong-bayan” na may average maen na 4.67 na nasundan ito ng apat na mas mahusay ng nasabing mean, ito ang sumusunod; Una, litaw ang kahulugan ng mga salitang lipas o sinauna. Pangalawa, may kawastuan sa baybay ng mga salita ng Wikang Dinagatnon (Surigaonon) at Wikang Filipino. Ikatatlo, taglay nito ang katapatan at paraan ng pag- papahayag ayon sa komunikatibong gamit sa pagsalin. Pang-apat, Naisa-alang-alang ang kultura ng pagsasalin mula w1-w2 na parehong nasa 4.0 ang mean ng pagsasalin sa tagapagsalin na inibalweyt naman ng tatlong dalubhasang guro sa Filipino.

Ang kabuuan nito ay may average value na **3.81** ang Mean, **0.84** naman ang SD at Mas Mahusay ang deskripsiyun nito.

Talahanayan 10. Pagtatasa sa Kwento ng Bayan na Pinamagatang Ang Kuwento ng Niyog “An Isturya nan Lubi”

Blg.	Indikaytor	Mean	SD	Deskripsiyun
1	Ang diwa ng salin sa kuwentong-bayan ay katulad ng orihinal.	4.33	0.58	Mas Mahusay
2	May kawastuhan ba ng semantika at gramatika sa bawat kuwento ng na isinalin.	3.67	1.53	Mas Mahusay
3	Angkop ang salin sa nga salitang Filipino bilang panumbas sa Wikang Katutubong Dinagatnon (Surigaonon).	4.00	1.00	Mas Mahusay
4	Maliwanag ang mga salitang may malalim o higit sa isang kahulugan.	3.67	1.15	Mas Mahusay
5	Litaw ang kahulugan ng mga salitang lipas o sinauna.	3.67	1.15	Mas Mahusay
6	May kawastuan sa baybay ng mga salita ng Wikang Dinagatnon (Surigaonon) at Wikang Filipino.	3.33	1.53	Mahusay
7	Taglay nito ang katapatan at paraan ng pag- papahayag ayon sa komunikatibong gamit sa pagsalin.	3.67	1.53	Mas Mahusay
8	Naisa-alang-alang ang kultura ng pagsasalin mula w1-w2.	4.33	0.58	Mas Mahusay
9	Katanggap-tanggap ang kabuuang pagsasalin ng bawat kuwentong-bayan.	4.33	0.58	Mas Mahusay
Average		3.89	1.02	Mas Mahusay

Inilahad sa Talahanayan 10 sa pagtatasa ng kuwentong bayan na pinamagatang, Ang Kuwento ng Niyog “An Isturya nan Lubi” na may tatlong pinakamataas na Mean ang indikaytor ng nasabing kuwento. Una, Ang diwa ng salin sa kuwentong-bayan ay katulad ng orihinal, ikalawa, naisa-alang-alang ang kultura ng pagsasalin mula w1-w2. Ikatlo, katanggap-tanggap ang kabuuang pagsasalin ng bawat kuwentong-bayan na parehong nasa 4.33 ang mean ng pagsasalin sa tagapagsalin na inibalweyt naman ng tatlong dalubhasang guro sa Filipino.

Ang kabuuan nito ay may average value na **3.89** ang Mean, **1.02** naman ang SD at Mas Mahusay ang deskripsiyun nito.



Talahanayan 11. Pagtatasa sa Kwentong Bayan na Pinamagatang Puno ng Puyange “Kapunuan nan Payunge”

Blg.	Indikeytor	Mean	SD	Deskripsyun
1	Ang diwa ng salin sa kuwentong-bayan ay katulad ng orihinal.	4.33	0.58	Mas Mahusay
2	May kawastuhan ba ng semantika at gramatika sa bawat kuwento ng na isinalin.	4.00	1.00	Mas Mahusay
3	Angkop ang salin sa nga salitang Filipino bilang panumbas sa Wikang Katutubong Dinagatnon (Surigaonon).	4.00	1.00	Mas Mahusay
4	Maliwanag ang mga salitang may malalim o higit sa isang kahulugan.	3.67	0.58	Mas Mahusay
5	Litaw ang kahulugan ng mga salitang lipas o sinauna.	3.67	0.58	Mas Mahusay
6	May kawastuan sa baybay ng mga salita ng Wikang Dinagatnon (Surigaonon) at Wikang Filipino.	3.67	1.53	Mas Mahusay
7	Taglay nito ang katapatan at paraan ng pag- papahayag ayon sa komunikatibong gamit sa pagsalin.	3.67	1.53	Mas Mahusay
8	Naisa-alang-alang ang kultura ng pagsasalin mula w1-w2.	3.00	1.00	Mahusay
9	Katanggap-tanggap ang kabuuang pagsasalin ng bawat kuwentong-bayan.	4.33	0.58	Mas Mahusay
Average		3.81	0.79	Mas Mahusay

Inilahad sa Talahanayan 11 sa pagtatasa ng kuwentong bayan na pinamagatang, **Puno ng Puyange “Kapunuan nan Payunge”** na may dalawang pinakamataas na Mean ang indikeytor ng nasabing kuwento. Una, Ang diwa ng salin sa kuwentong-bayan ay katulad ng orihinal at ang ikalawa ay katanggap-tanggap ang kabuuang pagsasalin ng bawat kuwentong-bayan na parehong nasa 4.33 ang mean ng pagsasalin sa tagapagsalin na inibalweyt naman ng tatlong dalubhasang guro sa Filipino.

Ang kabuuan nito ay may average value na 3.81 ang Mean, 0.79 naman ang SD at may deskripsiyun na Mas Mahusay.

Talahanayan 12. Pagtatasa sa Kwentong Bayan na Pinamagatang Mahimalang Laway “Kahibuyungang Laway”

Blg.	Indikeytor	Mean	SD	Deskripsyun
1	Ang diwa ng salin sa kuwentong-bayan ay katulad ng orihinal.	3.67	0.58	Mas Mahusay
2	May kawastuhan ba ng semantika at gramatika sa bawat kuwento ng na isinalin.	3.67	0.58	Mas Mahusay
3	Angkop ang salin sa nga salitang Filipino bilang panumbas sa Wikang Katutubong Dinagatnon (Surigaonon).	4.33	0.58	Mas Mahusay
4	Maliwanag ang mga salitang may malalim o higit sa isang kahulugan.	3.67	1.15	Mas Mahusay
5	Litaw ang kahulugan ng mga salitang lipas o sinauna.	3.67	0.58	Mas Mahusay
6	May kawastuan sa baybay ng mga salita ng Wikang Dinagatnon (Surigaonon) at Wikang Filipino.	3.33	1.15	Mahusay
7	Taglay nito ang katapatan at paraan ng pag- papahayag ayon sa komunikatibong gamit sa pagsalin.	4.00	0.00	Mas Mahusay
8	Naisa-alang-alang ang kultura ng pagsasalin mula w1-w2.	4.00	0.00	Mas Mahusay
9	Katanggap-tanggap ang kabuuang pagsasalin ng bawat kuwentong-bayan.	4.33	0.58	Mas Mahusay
Average		3.85	0.42	Mas Mahusay

Inilahad sa Talahanayan 12 sa pagtatasa ng kuwentong bayan na pinamagatang, Mahimalang Laway “Kahibuyungang Laway” na may dalawang pinakamataas na Mean ang indikeytor ng nasabing kuwento. Una, Angkop ang salin sa nga salitang Filipino bilang panumbas sa Wikang Katutubong Dinagatnon (Surigaonon) at ang ikalawa ay katanggap-tanggap



ang kabuuang pagsasalin ng bawat kuwentong-bayan na parehong nasa 4.33 ang mean ng pagsasalin sa tagapagsalin na inibalweyt naman ng tatlong dalubhasang guro sa Filipino.

Ang kabuuan nito ay may average value na 3.85 ang Mean, 0.42 naman ang SD at Mas Mahusay ang deskripsiyun nito.

Talahanayan 13. Pagtatasa sa Kwentong Bayan na Pinamagatang Mediko at Ang Mabagsik na Aswang “Mediko sanan Maisog na Aswang”

Blg.	Indikeytor	Mean	SD	Deskripsiyun
1	Ang diwa ng salin sa kuwentong-bayan ay katulad ng orihinal.	3.67	0.58	Mas Mahusay
2	May kawastuhan ba ng semantika at gramatika sa bawat kuwento ng na isinalin.	3.33	0.58	Mahusay
3	Angkop ang salin sa nga salitang Filipino bilang panumbas sa Wikang Katutubong Dinagatnon (Surigaonon).	3.67	0.58	Mas Mahusay
4	Maliwanag ang mga salitang may malalim o higit sa isang kahulugan.	3.67	1.53	Mas Mahusay
5	Litaw ang kahulugan ng mga salitang lipas o sinauna.	4.00	1.00	Mas Mahusay
6	May kawastuan sa baybay ng mga salita ng Wikang Dinagatnon (Surigaonon) at Wikang Filipino.	3.67	1.53	Mas Mahusay
7	Taglay nito ang katapatan at paraan ng pag- papahayag ayon sa komunikatibong gamit sa pagsalin.	3.33	1.15	Mahusay
8	Naisa-alang-alang ang kultura ng pagsasalin mula w1-w2.	3.33	1.53	Mahusay
9	Katanggap-tanggap ang kabuuang pagsasalin ng bawat kuwentong-bayan.	4.00	1.00	Mas Mahusay
Average		3.63	1.01	Mas Mahusay

Inilahad sa Talahanayan 13 sa pagtatasa ng kuwentong bayan na pinamagatang, Mediko at Ang Mabagsik na Aswang “Mediko sanan Maisog na Aswang” na may dalawang pinakamataas na Mean ang indikeytor ng nasabing kuwento. Una, litaw ang kahulugan ng mga salitang lipas o sinauna at ang ikalawa ay katanggap-tanggap ang kabuuang pagsasalin ng bawat kuwentong-bayan na parehong nasa 4.0 ang mean ng pagsasalin sa tagapagsalin na inibalweyt naman ng tatlong dalubhasang guro sa Filipino.

Ang kabuuan nito ay may average value na **3.63** ang Mean, 1.01 naman ang SD at Mas Mahusay ang deskripsiyun nito.

Buod

Layunin ng pag-aaral ang saliksikin ang mga nakatagong pinagmulan ng bawat barangay ng mga lungsod, mga kuwentong kababalaghan at iba pang mga kuwento na gawing lunsaran sa pagtuturong lokalisasyon.

Ang pag-aaral ay gumamit ng deskriptibong kwalitatibo upang matukoy sa isang komunidad batay sa pagmamasiid ng isang lugar na kung saan doon ang sasaliksikin. Pakikipanayam sa mga impormante tungkol sa mga kuwento sa pinagmulan ng nasabing lugar. Mga kuwentong di-kapani-paniwala. Pagkatapos ng paglalapat paglilikom ng mga datos, kinakategorya ito kung ito ba ay; alamat o mito. Pagkatapos makategorya ang nasabing mga datos, isinasalin ito sa Wikang Filipino, ipa-ebalweyt sa mga magagaling na guro sa Filipino at ipatatasa sa isang dalubhasang estatistisyan.

Natuklasan. Batay sa nakalap na mga datos naririto ang mga natuklasan pag-aaral mula sa mga impormante;

1. Sa labing isang impormante, may pito (7) na mga lalaki at apat na mga babae. Ang pinakabatang impormante ay babae na nasa edad na apat na pu't walo, at ang pinakamatandang impormante ay isang lalaki na may edad na walumpu't dalawa (82) mula Barangay Matingbe, ang pinakamatandang barangay sa lungsod ng San Jose, Dinagat Islands.



2. Sa kategorya na ginawa ng mananaliksik, ang nakuha niyang datos mula sa labing isa impormante ay mayroon dalawang (2) mito at may sampung alamat.
3. Pagsasaling-wika, ipinasalin ng mananaliksik ang mga nakuhang mga datos mula Filipino salin sa wikang-Surigaoanon.
4. Pag-ebalweyt, ipina-ebalweyt ng mananaliksik ang pagsasalin.
5. Pagtatasa, ipinatatasa ng mananaliksik ang pag-ebalweyt ng mga kuwento.

Kongklusyon

Batay sa natuklasan ang mga sumusunod ay konklusyon ng pag-aaral;

1. Karamihan ng datos na nakuha ng mananaliksik ay nagmula sa mga lalaking impormante dahil mas maraming naikwento ang mga lalaki kaysa sa mga babae sa panahon ng pagsaliksik ng mananaliksik.
2. Pagkategorya ng mananaliksik sa mga datos mula sa kanyang mga impormante, mas marami ang alamat kaysa sa mito.
3. Pagsasaling-wika sa mga nakuhang mga datos sa mga kuwentong bayan ng mga Dinagatnon isinalin sa Wikang Filipino ni Ginang Rosalinda P. Abis, na isang dating guro ng Mababang Paaralan ng Matingbe, San Jose, Dinagat Islands

Rekomendasyon

Batay sa natuklasan at nabuong kongklusyon naririto ang mga rekomendasyon sa nasabing pag-aaral;

Tagapamahala sa kagawaran ng edukasyon. Iniminungkahe ng mananaliksik na magkaroon ng karagdagang pananaliksik tungkol sa mga nakatagong kuwento dito sa Dinagat Islands. Upang mabuksan ang isipan ng mga mag-aaral sa mga kuwentong bayan nila.

Mga Guro. Sa mga kuwentong bayan ng Dinagat Islands ay maaari ibahagi o maituro sa mga mag-aaral upang lumaki silang may alam sa mga sariling kuwento ng nasabing lugar sa Dinagat Islands at mahalin ang sariling atin.

Mga Mag-aaral. Maging totoo sa sarili, tumulong sa pagsaliksik kung kinakailangan. Pag-aralan ang sariling panitikan ng Dinagat Islands.

Mga mananaliksik. Ipagpatuloy ang pagsaliksik sa mga nakatagong kuwento mula sa mga Dinagatnon upang maipamahagi sa iba at malalaman nilang mysteryoso ang lugar na ito. Maraming kababalaghang kuwento, kuwentong hindi kapani-paniwala ngunit totoo. Higit sa lahat saliksikin ang kanilang Panitikan.

At sa magiging mga guro. Aalamin ang kung paano magsaliksik upang maraming ideya sa pananaliksik na maibahagi sa mga mag-aaral at tumulong sa pag-alam sa iba pang kuwento ng kanilang panitikan.

Pasasalamat

Taos-pusong pasasalamat ang ipinaaabot ng mananaliksik sa lahat ng naging bahagi ng pag-aaral na ito. Sa mga tagapagsalaysay ng kuwentong-bayan mula sa Dinagat Islands na buong puso at bukas-palad na ibinahagi ang kanilang mga kaalaman at karanasan—maraming salamat po.

Lubos ring pinasasalamatan ang Surigao del Norte State University sa patuloy na suporta sa pananaliksik at sa mga guro at tagapayo na nagbigay-gabay at inspirasyon sa buong proseso ng pag-aaral.

Sa aking pamilya, na naging lakas at sandigan sa bawat hakbang, maraming salamat sa inyong pagmamahal at pang-unawa.

Higit sa lahat, sa Poong Maykapal, na siyang naging ilaw, gabay, at lakas sa kabuuan ng gawaing ito—isang taos-pusong pasasalamat.

TALASANGGUNIAN

- [1] Cruz, Isagani R. at Solidad S. 2016. Ang Ating Panitikan.CMC Press Inc.
- [2] Lacion Jr. Conrado M.2015. Fast Facts About Philippines Provinces.Tahanan Books, Makati, Metro Manila.
- [3] Ramos, Maria S. et al.2016. Panitikang Pilipino. Katha Publishing Co., Inc. Quezon City
- [4] Santiago, Erlinda M. et al. 2017. Panitikang Pilipino. Navotas Press, Navotas, Metro Manila.



- [5] Tumanagan Sr., Alcomtiser P. et al. 2015. Panitikan sa Pilipinas para sa Kolehiyo. GVM Enterprises, Quezon City.
- [6] Suacillo, Madelyn G. 2019. Ang Wikang Preperensya kaugnay sa Pagkatuto ng EPP at TLE sa Elementarya. Surigao State College and technology, Surigao City.
- [7] Sebilo, Jessica T. 2020. Sosyolek: Wika ng mga Melinyals sa Destrito ng Malimono Para sa kontekstuwalisadong Pagpapakahulugan. Surigao State Collega and technology, Surigao City
- [8] Almario, Virgilio S. (2014). *Panitikan: Kasaysayan at Pag-unlad ng Panitikang Pilipino*. Adarna House, Quezon City.
- [9] Lumbea, Bienvenido. (2015). *Pagsusuri ng Panitikan*. Anvil Publishing, Mandaluyong City.
- [10] Jocano, F. Landa. (2000). *Filipino Prehistory: Rediscovering Precolonial Heritage*. Punlad Research House.
- [11] Salazar, Zeus A. (2000). *Ang Babaylan sa Kasaysayan ng Pilipinas*. Palimbagan ng Lahi, Quezon City.
- [12] Nolasco, Ricardo M. (2008). *Filipino and English in Philippine Education: Myths and Realities*. UP Press.
- [13] Villanueva, Ligaya T. (2012). *Mga Alamat at Kuwentong-Bayan sa Pilipinas*. Phoenix Publishing House.
- [14] Navarro, Roselyn T. (2017). *Ang Wika sa Kontekstong Lokal: Isang Pananaliksik sa Wikang Surigaonon*. Caraga State University.
- [15] De la Peña, Milagros C. (2016). *Pagtuturo ng Panitikang Rehiyonal*. Rex Book Store, Manila.
- [16] Felipe, Cristina B. (2019). *Katutubong Panitikan: Mga Pagsusuri at Pagpapakahulugan*. Katha Publishing.
- [17] Cangco, Jessica L. (2018). *Pagbuo ng Lokal na Kagamitang Pampanitikan sa Elementarya*. Department of Education Research Journal.
- [18] Enriquez, Virgilio G. (1992). *From Colonial to Liberation Psychology*. University of the Philippines Press.
- [19] Santos, Lope K. (2015). *Balarila ng Wikang Pambansa*. Pambansang Aklatan, Manila.
- [20] Buenaventura, Marites P. (2017). *Ang Papel ng Alamat sa Pagpapaunlad ng Kamalayang Kultural ng mga Bata*. Mindanao State University Research Journal.
- [21] Francisco, Juan R. (1994). *Philippine Folklore and Literature: Essays in Honor of Damiana L. Eugenio*. UP Press.
- [22] Eugenio, Damiana L. (2007). *Philippine Folk Literature: The Myths*. University of the Philippines Press.
- [23] [https:// philness.ph](https://philness.ph), 2020
- [24] <https://tlm.wikipedia.org>wiki>
- [25] <https://www.scbd.com>
- [26] dinagatislands.com.ph

